Nagkaisa News

No. 6

Hamamatsu Samba Cup Festival 2015

Hamamatsu Samba Cup Festival 2015

Ang Samba Cup Festival ay ginaganap taon-taon sa Hamamatsu. Ang event na ito ay isang kompetesyon na sinasalihan ng ibat-ibang bansa kung saan ang lalahok ay ipakikilala ang sariling kultura ng kanyang bansa sa pamamagitan ng sayaw. Ngayong taon, lumahok ang NPO Filipino Nagkaisa sa event na ito na ginanap noong October 17 at dito pinakilala at pinakita natin ang isang kulturang sayaw na COCONUT BAO Dance o Maglalatik sa pamamagitan ng street dancing, na sinalihan ng ating mga Staff at estudyante sa Halohalo Class. Dahil sa naiiba at galing ng ating mga nagsasayaw, ang NPO Filipino Nagkaisa ay napili at pinarangalan sa pangatlong pwesto sa Hamamatsu Samba Cup Festival 2015..

PHILIPPINE EMBASSY

2015 May 16・17 （Sabado at Linggo） ay dumating ang mga kinakatawan ng Philippine Embassy mula sa Tokyo, para sa pagsasagawa ng serbisyong konsular at pasaporto update na umaabot ng 375 katao ang mga aplikante, mga humingi ng mga payo tungkol sa iba ` t ibang dokyumento na umabot naman sa 100katao. Ginanap sa lugar ng Create Hamamatsu 4fl. HICE （Hamamatsu Intercultural Communication and Exchange）sa pamamahala ng NPO Filipino Nagkaisa.

Bayanihan Nihongo Class

～Sama-sama nating itaguyod ang komunidad～

Ang Bayanihan Nihongo Class ay pag-aaral tungkol sa mahalagang impormasyon sa pang araw-araw na pamumuhay sa Japan. Itinuturo rin ang Hiragana,Katakana at pagsulat ng sari-ling tirahan sa sulat na Kanji.

Ngayong taong 2015, ang lugar ng Bayanihan Nihongo Class ay sa Nambu Kyoudou Center sa oras 1:30 pm ~ 4:30 pm. Iba't-ibang topic na dinadaluhan ng mga espesyalistang Japanese-guest, na ipinapaliwanag ng mga Bilingual lecturer at mga Volunteers na sumusuporta sa pag-aaral ng mga pilipinong mag-aaral.

June 21, pinag-aralan ang tungkol sa pamumuhay at mga events sa paaralan ng Japan.

July 19, Traffic Safety Guidelines at dial 110. Ang guest ay ang mga police officer sa Hamamatsu Central Police Station. Itinuro ang tamang dapat gawin sa oras ng emergency at bagong batas para sa bisekleta.

Sept.20, ipinaliwanag ni Administrative Scrivener Mr. Masatoshi Muramatsu ang tungkol sa kahalagahan ng iba't-ibang dokumento at pagsunod sa mga itinakdang batas ng Im-

Nov. 15, Ang Bayanihan Nihongo Class Topic ay tungkol sa Tax o Zeikin. Ipinaliwanag ni Mr. Satoshi Sawatani ang kahalagahan ng pagtutulungan ng bawa't isa sa pag-babayad ng tax. Ito ay nakakatulong upang mapanatili ang kaayusan sa ating pang araw-araw na pamumuhay tulad ng mga daan,tulay,maayos na pag-kolekta ng basura, drainage atbp. Ang mga tulong na ating natatanggap sa oras ng emergency tulad ng ambulansya, mga bumbero,sundalo at kapulisan na nagpapanatili ng katahimikan upang tayo'y walang takot na mamuhay sa

October 11, tinalakay ni Labor & Social Security Atttorney Masayoshi Kikuchi ang tungkol sa kahalagahan kung bakit kailangang maging miyembro ng Social Insurance at ang tungkol sa bagong sistema na "My Number".

Halohalo Nihongo Class

Ang Halohalo Class ay tuwing sabado 1:30PM ~ 3:30PM sa Nambu Kyoudo Center , Ang klase na ito ay para sa mga bata na kararating pa lamang hindi pa marunong magnihongo ang iba naman ay naghahanda pa lamang pumasok sa paaralan, sila ay tinuturuan ng bilingual teachers at Japanese volunteer teachers, Tinuturuan din ang mga bata na pumapasok nasa eskwelahan sa kanilang homework at subject na nahihirapan sila sumabay sa klase katulad ng kanji, sansu at sugaku(Math).magkakaiba man ang paaralan na kanilang pinapasukan sa Hamamatsu sila ay masayang nagkikita tuwing sabado.

HALOHALO NIHONGO CLASS ENSOKU

Class Field Trip ginanap sa Hamamatsu Jyou Koen noong August 1, Saturday kasama ang mga magulang at Japanese volunteer teachers ,may nagluto ng Philippine food adobo ,menudo,pinakbet at biko, ang Japanese naman ay nagdala ng onigiri , tonkatsu, tamagoyaki at iba pa. nagustuhan ng mga Japanese ang pagkain filipino at naging masaya ang lahat sa munting salosalo , pagkatapos kumain naglaro ang mga bata sa koen ,napakagandang aktibidad dahil nagkaroon ng oras magkwentuhan ang mga magulang at Japanese nagpalitan ng impormasyon tungkol sa kultura at pamumuhay.



Ms. Mallie Abas, 2nd yr. Junior High School at isa ring mag-aaral tuwing Sabado sa Halohalo Nihongo Class ay tumanggap ng parangal sa kanyang poem na isinulat. Ang pamagat ay "Jikan" (Time) at ito ay nailathala sa 58th Hamamatsu Selection for Student Writing.

Last year ng dumating si Mallie sa Japan nang walang sapat na kaalaman sa pagsulat, pagbasa at pagsalita ng wikang Nihongo. Siya ay nahirapan mag-adjust sa araw-araw na pamumuhay, lalo na sa pagpasok sa paaralan. Ngunit ito ay hindi naging hadlang bagkus siya ay mas nagsikap mag aral at ginawang inspirasyon lalo na sa paggawa ng poem na Jikan. Siya rin ay nagpapasalamat sa Japanese volunteer teacher na si Mr. Aoki sa tulong at suporta sa paggawa ng poem.

Sinabi rin ni Mallie na Jikan(Time) ang kanyang isinulat dahil "Time is essential and it's everywhere. Time has no beginning and no end. Like others there's a time Mallie also wish to turn back time or even go to the future bu't it can't. But the important is time can also takes the bad memories away and help you create new ones.

Para sa mag-aaral ng Halohalo Nihongo Class ito ay magandang balita na dapat maging inspirasyon ng bawa't isa.



時間

西部　アバス　マリ

私は時間です。
私は前へ進みます。
後ろへは下がりません。
けっしてとまりません。
何かを楽しんでいるときには、
私は早く進んでいるように見えます。
楽しくないときは
ゆっくり進んでいるように見えます。
でも、実際はそうではありません。
早くも、遅くもありません。
いつでも同じペースで進みます。
あなたが楽しんでいる時でも
ゆっくり進むことはできません。
時間が早く進んで欲しい時でもそうはできません。
私は時間です。
私ができることは、
ただあなたを見守ること、
そして悪い思い出を取り去ることだけです。

SEINEN CLASS

Buwan ng Agosto 30, ginanap Guidance para sa pagpasok ng High School dito sa Japan ito para sa mga batang kararating pa lamang nitong taon April nasa 3rd year Junior High school na may planong pumasok sa High School at batang gusto ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, ipinaliwanag ang sistema ng paaralan katulad ng entrance examination, matrikula at ibang bayarin,mga paaralan maaring pagpil-ian at iba pa. kasamang dumalo ang kanilang magulang.Para sa karagadagan kaalaman upang mas kanilang maunawaan ipinaliwag ng kanilang Senior na nakapagtapos ng High school dito sa Hama-matsu na pareho din sa sitwasyon nila ang kanilang naranasan kung paano nakapasok nagpalitan ng tanong at nagbigay din ng payo na ipagpatuloy ang pag-aaral para sa kinabukasan hindi man madali ang makapasok sa High School kailangan lang ng sikap at tiyaga sa pag-aaral. At dahil dito nakitaan ng interes at lakas ng loob ang mga bata. Naniniwala ang NPO Nagkaisa na kailangan ng suporta ng mga bata na bagong dating pa lamang tulong upang ipagtuloy nila ang kanilang pag-aaral.

FN Staff

Chairman : ☆Nakamura Grace

Vice Chairman : ☆Takai Marie

☆Matsumoto Yoshikazu

Staff : ☆Ogai Elizabeth

☆Sugiyama Darlene

☆Suzuki Eva

☆Takai Marie

☆Tanaka Hiromi

☆Nagai Kenta

☆Hamba Kazumi

☆Hirahara Ethel

☆Mizoguchi Ace

☆Yamaura Yuko

☆Yoshida Saori

Auditor : Zeirishi hōjin Sobue kaikei jimusho Reimei

Editor's note

August 29- Muli ay dumalo ang Nagkaisa sa Pag-pupulong Para sa Pag-aaral ng Nihongo ng Ministry of Cultural Affairs. Dinaluhan din ito ng mga grupo mula sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Naging sentro ng pagtalakay ng Nagkaisa ang kalakasan ng grupo, na pagkakaroon ng Japanese at Filipino staffs na nag-uugnay sa pagtugon ng pangangailangan bawat isa sa lipunan. Maipagmamalaki ang mga naging

FM Haro 76.1
Amihama Familia
Tuwing unang linggo ng buwan
Filipino Nagkaisa
6:10pm~

☆Filipino Nagkaisa Gabay Ukol sa Aplikasyon ng Membership☆

Benepisyo ng Miyembro

①Original Filipino Nagkaisa ID！

②Filipino Nagkaisa mga event and activities libreng dumalo o bibigyan discount

③Lahat ng activity o klase ng Filipino Nagkaisa、hindi inaasa-hang

＜Taunang Membership Fee＞

Indibidwal	**Matanda：**	**4,000円**
Indibidwal	**Bata：**	**1,000円**
Miyembrong Organisasyon	**Per Share：**	**10,000円**

＜Maki-pag-ugnayan＞

Tel ：080-4308-8380 （Nakamura Tagalog）

090-9175-8380 （Yamaura Nihongo）

Mail:filipinonagkaisa@yahoo.co.jp

Website：**http:// filipinonagkaisa.org/**